# Kamalayan ng Babae Bilang Manunulat Tungo sa Mapagpalayang Praktika: Babae sa Kilusan, Panitikan ng Uring Anakpawis at Pagbabagong Panlipunan

**Romeo P. Peña**
Center for Social History

## ABSTRACT

In this critical essay, I will explore the prospect of "new mass literature" reflected mainly in the creative non-fiction of Lualhati Milan Abreu. On new mass literature, I refer to the thoughts of Gelacio Guillermo that it asserts the right of the people for national sovereignty, unite them on the basis of this right, and cultivate everything that can enhance this unity and national dignity. I will start by outlining the main thoughts about the function of each citizen in the social whole. Then, I will give a short note on who Lualhati Milan Abreu is. After which, I will outline her main thoughts reflected mainly in her Agaw-dilim, Agaw-liwanag. Lastly, I will scrutinize how these thoughts mirror the so called women empowerment, mass literature and societal change through literature.

Keywords: Literature of the masses, Women in Mass Movement, Societal Change, Marxism, Women Empowerment

## PANIMULA

Hindi matatawaran ang nagagampanan ng bawat tao sa lipunan. May kanya-kanyang papel na pinagtutuunan ng pansin upang masabing nagkaroon ng silbi sa lipunang ginagalawan. Ayon nga kay Hacker (1963), "Each citizen has a particular place and function in the social whole, and it is the obligation of each to contribute to the life and purpose of the community. Thus society at any point in time is the most recent culmination of a long natural and historical development." Iba-iba nga lang ang nagiging papel ng tao sa lipunan, ang tao ang nag-iisip kung paano huhulmahin ang kaniyang layunin para sa sariling bayan. Umaangkla pa ito sa sinabi ni Williams (1977) na, "Fundamentally, in this human historical process, we produce ourselves and our societies."

Sa Pilipinas na kabilang sa tinatawag na bansang nasa pangatlong mundo, dito ang kasaysayan ayon kay San Juan Jr. (2006) ay halos walang patid na naratibo ng paghihimagsik. Bakit naratibo ng paghihimagsik?

Sapagkat ang lalim at lawak ng kasaysayan ng demokratikong rebolusyon ay hindi matatawaran. Marahil, isa ito sa eksklusibong pangyayari sa kasaysayan dulot ng mapanira at mapangwasak na elemento—ito ang imperyalismo, piyudalismo at burukrata-kapitalismo.

Kung babalikan si Hacker (1963), ang gumagalaw na karakter sa mga akda ng uring anakpawis bilang bahagi ng lipunan ay nananatiling may papel sa sariling bayan. Ang mga aktibista, mandirigmang bayan, gerilya, kadre o anupamang katulad na katawagan ay nagsusulong ng pagbabago sa lipunan. Sa pamamagitan ng mga akda, na maibibilang sa sinasabi ni Guillermo (2006) na "The New Mass Art and Literature" na masasabing instrumento at bahagi ng pambansang demokratikong rebolusyon laban sa imperyalismo, piyudalismo at burukrata-kapitalismo ng Estados Unidos. Ang pangunahing layunin ng akda ay ang pukawin ang interes ng masa, manggagawa, magsasaka, mandirigmang bayan bilang tagapagtaguyod ng kalayaan at demokrasya.

Sa panahon ngayon na laganap pa rin ang maraming isyung politikal at kahirapan. Maitatanong kung mahalaga pa ba ang pagsusuri sa mga akdang maituturing na bagong sining at literature ng masa? Na kapag binasa nang buo, mababatid na kinapapalooban talaga ng mga isyung politikal at pakikibaka o rebolusyon. Kaugnay nito, naitanong nga ni San Juan Jr. (2006) ang ganito, "Ano ang silbi ng sining sa harap ng nakaririmarim na kalagayan ng madla? Ano ang katuturan ng proseso ng pagkilatis, panunuri, at pagpapahalagang nakapaloob sa pagkakataong ito?" Mahalaga ngang malaman, ang pagsusuri ba sa akda ng uring anakpawis ay may katuturan? Maihahantad ba sa pamamagitan ng pagsusuri na may silbi ang akda? Kunsabagay, ayon na rin kay San Juan Jr. (2006), ang adhika naman ng pagsusuri o kritika ay ang walang pasubaling pagtatanong kung makatwiran ba o makatarungan ang umiiral na kaayusan ng lipunan. Maitatanong rin, kung may namamayani mang balangkas ng kapangyarihan sa lipunan, matatanggap kaya natin?

## Ang Babae sa Kilusan at ang Kaniyang Akda

Bilang halimbawa ng akdang may layuning pukawin ang interes ng masa, manggagawa, magsasaka, mandirigmang bayan bilang tagapagtaguyod ng kalayaan at demokrasya ay ang malikhaing sanaysay na pinamagatang Agaw-dilim, Agaw-liwanag ng babaeng nasangkot sa

kilusan na si Lualhati Milan Abreu. Nagwagi ang akda sa Gawad Likhaan kaugnay sa pagdiriwang ng Sentenaryo ng Unibersidad ng Pilipinas noong 2008 na nailathala ng UP Press noong 2009, ang isa sa magiging tungtungan ukol sa sinasabi ni Guillermo na "The New Mass Art and Literature". Pangunahing layunin ni Abreu sa akda ay hindi upang magbahagi lamang ng mahahalagang impormasyon at karanasan kundi maghabi ng kamalayan sa mambabasa. Malanobela para kay Lumbera (2009) ang akdang Agaw-dilim, Agaw-liwanag na naglahad ng talambuhay ng isang babaeng matibay na isinabuhay ang rebolusyonaryong paninindigan sa kilusan.

Naging kaklase ko si Lualhati Abreu sa kursong (asignatura) Panitikan ng Pilipinas sa Kasalukuyang Panahon, sa ilalim ni Apolonio B. Chua sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Noong mga panahong iyon, nalaman kong may isinulat siya na nagwagi sa Gawad Likhaan. Humanga na lamang ako; hindi na ako nagtanong kung nasa anong anyong pampanitikan ang nagwaging akda. Inakala kong nobela iyon. Ang minsang naitanong ko ay kung kailan lalabas bilang libro ang akda. Hanggang sa dumating ang pagkakataon na inatasan kami isa-isa sa klase ni Chua na magbahagi ng isang paboritong akda. Tinanong agad ni Wati, ang nakasanayan kong tawag kay Lualhati Abreu, kung puwede bang ang ibahagi niya ay ang ilang bahagi ng kaniyang malikhaing sanaysay na nagwagi sa Gawad Likhaan. Pumayag naman si Chua. Doon ko lang nalaman na malikhaing sanaysay pala ang naisulat niya at hindi nobela. Kung hindi mali ang pagkakatanda ko, mahahalagang bahagi ng Agaw-dilim, Agaw-liwanag ang ibinahagi ni Wati sa klase, partikular ang may kinalaman sa kaniyang ina at ilang personal na karanasan bilang babae sa kilusan. Nang matapos kong basahin ang buong libro, nasa bahaging Daigdig ng Palengke at Alay sa Bukang-liwayway ang sinasabi kong naibahagi niya sa klase namin.

Madalas mapansin at mapuna ng isa naming kaklase si Abreu dahil puro, Marxism, Talks at the Yenan Forum, Mga Karapatan ng Kababaihan daw ang laman ng bibig. Lagi na lang daw ganoon, wala na raw bago. Ang sabi ko naman, sa tuwing tumatalakay at sumasagot siya sa mga tanong ni Chua, marami akong napupulot at natututuhan. Kahit nagmula ako sa isang unibersidad na lutang ang pagiging makabayan, hindi ako nagsawang makinig sa talakayan, usapan at diskusyon sa pagitan nina Chua at Abreu. Mas naunawaan ko ang mga kababaihan, aktibista, mga

mandirigmang bayan at mga rebolusyonaryo dahil sa talakayan, usapan at diskusyon nila patungkol dito.

Bukas si Abreu na isa siya sa mga babaeng matagal sa kilusan, nakulong, at namalagi nang matagal sa Mindanao bilang kasapi ng rebolusyon. Pinag-aralan niya sina Marx, Engels, Lenin, Mao at iba pa sa loob ng kilusan. Sumulat ng ilang artikulo para sa kilusan, nag-organisa ng mga kababaihan at naglingkod sa iba't ibang erya at sona ng CPP-NPA. Makikita sa kaniyang mukha at pananalita ang paggiging prangka. Walang ligoy kung magsalita, sinasabi ang gustong sabihin, walang takot na magbahagi ng karanasan bilang babaeng aktibista.

Pagkatapos kong basahin ang Agaw-dilim, Agaw-liwanag, naging kompleto ang kuwento ni Wati. Luminaw ang mga detalyeng dati'y malabo. Bumukas ang pintuan ng ilang mahahalagang pangyayari at nabatid ang layunin at hangarin at papel ng kababaihan sa kilusang rebolusyonaryo. Dito mailulugar ang sinasabi ni Torres-Yu (2000) na pagkamalay ng babae sa sarili bilang manunulat at pagturing sa pagkatha bilang mapagpalayang praktika, una para sa sarili at pangalawa para sa lipunan.

Sa akda ni Abreu (2009), lutang na hindi makatwiran o makatarungan ang umiiral na kaayusan sa lipunan ng nasakop na panahon ng akda. Matatanto sa Agaw-dilim, Agaw-liwanag na imperyalismo, piyudalismo, at burukrata-kapitalismo ang namamayaning kaayusan sa lipunan, partikular sa bansang Pilipinas. Ang mga namamayaning kaayusang ito ang ginagapi ng mga rebolusyonaryong kilusan at patuloy na nilalabanan hanggang sa kasalukuyan—ito ang tinatawag na anti-imperyalistang pakikibaka. Masusulyapan din sa akda ang pakikibaka ng mga proletaryo sa pamamagitan ng pagsanib sa mga rebolusyonaryong kilusan. Ang mga rebolusyonaryong kilusang ito ang nagmumulat sa mga nasa uring anakpawis kung ano ang mga karapatan na dapat nilang tamasahin at kung paaano ito tinatapakan ng mga panginoong maylupa kaya nasasadlak ang karamihan sa kanila sa matinding kahirapan. Dito bumabangon ang mga unyon ng mga manggagawa at mga kilusang mangangalaga sa kanilang mga karapatan. Ang mga mandirigmang bayan naman ay puspusan ang pagpapalakas at pagpapalawak ng mga rebolusyonaryong kilusan upang lalo pang mapaigting ang mga baseng masa na nasa kanayunan na tutugon sa kanilang ipinaglalaban—ang pagwasak sa imperyalismo.

Ganito ang tala ni Abreu (2009) sa isang napakahalagang pangyayari sa pagbubukas ng isang kilusang bayan at pagpapalakas ng mga baseng masa sa kanayunan:

> Noon ay 1969, unang taon sa pagkilos ng bagong-tatag na Partido. Subsob ang mga namumunong kadre nito sa pagpapalawak ng baseng masa sa kanayunan. Marso 29, 1969, itinatag ng Partido ang New People's Army (NPA, Bagong Hukbong Bayan o BHB). Sa tulong nga ng mabubuting kadre at mandirigmang humiwalay sa HMB, ang Partido ay nagsimulang magbukas at magpalawak ng baseng masa sa kanayunan. At dahil sila ay nirerespeto ng taumbayan sa kani-kanilang lugar sa Gitnang Luzon, kung kaya automatikong naging baseng masa ng CPP-NPA ang mga erya nila. Mula rin sa kanilang hanay, ang Partido ay nagbuo ng yunit sa pagpapalawak sa Hilagang Luzon, lalo na sa Isabela. (p. 46)

Mula sa mukha ng mga rebolusyonaryong kilusan, ang pagbibigay ng pag-asa sa mga anakpawis na matagal nang pinagkaitan ng mga karapatan—ang pag-oorganisa ng mga kababaihan sa nayon na magiging lagakan ng paniniwala at paninindigan at ang pagkupkop sa mga api at nakaranas ng kalupitan. Mula sa kalagayang iyon, bumabangon at natutong maghimagsik upang mabuwag ang sagka upang maging malaya at matiwasay na makapamuhay. Sa tuwiran at di tuwirang pagtingin, ang mga rebolusyonaryong kilusang ito ang bumubuo ng makamasa't mapagpalayang kultura ng isang lipunan.

## Ang Panitikan ng Uring Anakpawis at ang Akdang Agaw-dilim, Agaw-liwanag

Sa kasaysayan, kakaunting bansa lamang sa buong mundo ang nagkakaroon ng politikal at ekonomikal na pagbabago nang hindi dumaraan sa rebolusyon (Burke, 1969). Mabibilang sa kamay ang mga bansang nagkakaroon ng mapayapang eleksiyon na ang mga partido ay mayroong tapat na hangaring maglingkod sa bayan. Madalas nasasagkaan ang karapatan ng marami dahil nagkakaroon ng interes ang maraming politiko sa iniaalok ng mga dayuhan na nagpapasaklap lamang sa dahop na kalagayan ng mga proletaryo, gaya ng nasa Agaw-dilim, Agaw-

liwanag, halimbawa ang pamamayani ng mga dayuhang kapitalista na siya nang kumokontrol sa produksyon na hindi naman naabot ng karaniwang masa. Dito nagsisimulang magkaroon ng mga unyon laban sa mga dayuhang kapitalista, at ng rebolusyonaryong kilusan—ang kilusang handang ipaglaban ang karapatan, kabuhayan at interes ng mga inaaapi at ninanakawan ng mga karapatan. Pagdidiin nga ni Marx (1970), "At a certain stage of their development, the material productive forces of society come into conflict with the existing relations of production. Then begins an epoch of social revolution." Sa pagsasalaysay ni Abreu (2009) sa Agaw-dilim, Agaw-liwanag, nabanggit niya ang ilang dahilan kung bakit nagkakaroon ng rebolusyonaryong kilusan. Mula sa simpleng pagtatanggol sa mga lupang sinasaka at ang pinakamatindi ay dahil sa paglaban sa pagdedeklara ng batas militar. Marami ang mga sumasapi sa hukbong bayan na karaniwan ay nasa uring anakpawis. Nag-oorganisa at nagbubukas ng sona ang hukbong bayan sa iba't ibang panig ng bansa partikular na sa Mindanao. Nagtatagumpay ang mga kilusan ngunit marami ang namamatay dahil sa tahasang panggigipit ng mga militar.

Ang ginagampanan ng mga proletaryo bilang tao sa lipunan ay nagpapadakila sa kanilang hangarin na makaahon sa kinasasadlakang kahirapan. Katunayan, bago pa man sumapit ang batas militar, masasabing nagtatagumpay na rin ang mga kilusang proletaryo na kinabibilangan mismo ng kababaihan gaya ni Abreu. Ganito ang banggit sa akda ni Abreu (2009):

> Malakas ang aming organisasyon. Kinasuhan pa nga namin ang ilang malalaking panginoong maylupa no'ng hindi pa martial law. Kasi, dapat, ang lupang sakahan ay sa talagang nagsasaka—sa amin. Sa lakas ng aming organisasyon, nagpatakbo nga kami ng kandidato sa pagka-gobernador no'ng eleksiyon ng 1972, bago ang martial law. (p. 93)

Nagpapakita ito na sa pamamagitan ng mga kilusan, may pagkakataong nakatatakas sa pagkaduhagi ang mga proletaryo. Nagiging malakas kaysa sa mga naghaharing-uri. Ngunit mangilan-ngilan lamang ang pagtatagumpay na ganito. Karaniwang pinapatay o pinaaalis ang mga nasa uring proletaryo kung nag-aaklas at naghihimagsik sa mga panginoong maylupa. Nagtagumpay man sa ilang hangarin ngunit limitado lamang, nananatiling makapangyarihan ang mga burges dahil sa taglay na kayamanan.

Sa akda ni Abreu (2009), bilang pag-uukilkil sa laman, nagagahum ng naghaharing-uri ang mga mababang-uri. Sa pagsasabing "mahirap humarap sa mayayaman sa eleksiyon" (p. 91), at "namatay dahil sa pambubugbog ng military" (p. 78), "bumabangon ang isyung sosyo-politikal at ekonomikal" (p. 76). Mahirap banggain ang humahawak ng kapangyarihan, mahirap itong supilin at mahirap itong wasakin. Hawak ng naghaharing-uri ang produksiyong inaasahan ng mga mababang-uri. Ito ang pormularyo sa tinatawag na base laban sa superstructure. Sa akda, ito ang mga kilusang nakikibaka na kinabibilangan ng mga api o mabababang uri sa lipunan laban sa mga panginoong maylupa, naghaharing-uri at ang sakim sa kapangyarihan lalo na sa panahon ng Martial Law sa Pilipinas. Hindi na ito bago, sapagkat naihatid na ito bilang basikong prinsipyo ng Marxismo. Banggit nga tungkol dito ni Marx (1970) ang ganito:

> In the social production of their existence, men inevitably enter into definite relations, which are independent of their will, namely relations of production appropriate to a given stage in the development of their material forces of production. The totality of these relations of production constitutes the economic structure of society, the real foundation, on which arises a legal and political superstructure and to which correspond definite forms of social consciousness. The mode of production of material life conditions the general process of social, political and intellectual life. It is not the consciousness of men that determines their existence, but their social existence determines their consciousness. (p. 65)

Sa napakaraming sosyo-politikal at ekonomikal na implikasyon, ang akda ni Abreu ay ganap na nagpapakilala sa kaniya bilang rebolusyonaryong babaeng manunulat. Ang pagsasalaysay nang tapat na talambuhay patungkol sa kilusang inaniban, napaglingkuran at napagsilbihan, bilang babae'y nagtulak sa kaniya upang maging malay sa lipunang ginagalawan. Isa ang ganitong paraan na tinitingnan ni Kimuell-Gabriel (2013) bilang pagsasakapangyarihan ng kababaihan.

Dahil sa estruktura ng lipunan, na may mababang-uri at naghaharing-uri, nagbunsod ito nang pagbangon ng mga likhang-sining na nagmumula sa mabababang-uri o ang uring inaapi. Karaniwan nang masusumpungan ang mga akdang isinulat ng mga proletaryo bilang protesta sa mapagsamantalang sistema sa lipunan. Umaasa na maging

instrumento ang likhang-sining sa pagbabago. Ayon nga kay Eagleton (2002), "art can be an active element of change." Ang sining ang aktibong elemento at nakatutulong sa mga mabababang-uri. Ika nga, "At best art helps to accelerate processes that are under way at the base, but both art and these processes are still conditioned by the development of society... Art does not mirror the base but represents it, and in doing so slants what is depicted, thus shaping reality" (Williams, 1977). Totoong kinakatawan ng mga akdang nagbubuhat sa sektor ng mahihirap ang realidad ng buhay tulad ng kawalan ng oportunidad sa lipunang ginagalawan dahil napipipi at inaaalipin ng mga mapagsamantalang puwersa sa lipunan.

Kasangkapan ang sining, ang panulat, upang maging instrumento sa sinasabing pagbabago sa lipunan. Sining na may pagmamahal sa kalayaan at kumakalinga sa naaapi at tinatanggalan ng karapatan, ito ang bagong sining at literatura ng masa, sa pagpapakahulugan nga ni Guillermo (2006):

> A truly national art and literature unite the broadest segment of our population against US imperialism and its local agents from the big landlord and big comprador bourgeois classes. They combat the ideas and values of the dominant colonial, feudal, and fascist culture… A national art and literature assert the right of the people for national sovereignty, unite them on the basis of this right, and cultivate everything that can enhance this unity and national dignity. (p. 446)

Ang tanong, mapipigil kaya ang mga inaapi sa paglikha at pagsusulong ng mga pambansang literaturang kumakatawan sa realidad ng kanilang pamumuhay? Ang sagot, ayon kay Ordoñez (2006), "hanggang umiiral ang inhustisya at pagsasamantala ng naghaharing uri laban sa nakararaming dayukdok na masa…hindi mahahadlangan ng mga multo at puwersa ng reaksiyon ang paglaganap at pagsulong ng literatura ng uring anakpawis tungo sa kanilang pambansang katubusan."

## KONGKLUSYON

Ang mga akda ng uring anakpawis ang isa sa masasabing tunay na pambansang sining at literatura na binabanggit ni Guillermo. Ipinapakita ng mga akdang ito ang mukha ng nasa mabababang-uri ng lipunan—ang uring nananatiling salat sa maraming bagay sa lipunan, napagkakaitan

ng mga bagay na disin sana'y tinatamasa nang may kalayaan at libre. Sa mga akda ng uring anakpawis ipinapakita ang kilos at galaw ng mga rebolusyonaryong grupong nabuo mula sa uring inaapi; natutong mag-aral at umalam ng mga kaugnay na kasaysayan tungkol sa armadong pakikibaka laban sa kolonyal, piyudal at pasistang lipunan; at inaalam ang oryentasyong tumututok sa ganitong pangyayari. Gaya ng banggit ni Abreu sa kanyang akda, inaral nila halimbawa si Mao, binasa si Marx, Engels, Lenin at Stalin. Ang mga oryentasyong naghahantad at nagmumulat sa napakaraming isyung sosyo-politikal at ekonomikal na karaniwang binabalewala ng karamihan. Walang pakialam ang marami dahil sa krisis na nararanasan, tila bigo ang pag-asang may magbago sa kaayusan sa lipunan lalo na sa ekonomiya at politika. Pero ang paninindigan ng gaya ni San Juan Jr. (2006), patungkol sa pagbabagong nabanggit ay masasabing may matatag na tinatahak; sabi niya, "At sa krisis na laganap sa bansang ito, anumang pagbabago sa pulitika o ekonomiya ay nakasalalay sa mga pagbabago sa kultura, mga pagbabago sa ideya, damdamin, moralidad, kahalagahan, sa kamalayang mapanuri." Nakasalalay pa rin sa lipunan. Ang lipunang nagsisimulang kumilos para sa pagbabago.

## REFERENCES

Abreu, L. M. (2009). Agaw-dilim, Agaw-liwanag. Quezon City: University of the Philippines Press.

Burke, E. (1969). Reflections on the Revolution in France. Middlesex: Penguin Books.

Eagleton, T. (2002). Marxism and Literary Criticism. London: Routledge.

Guillermo, G. (2006). The New Mass Art and Literature. In R. Torres-Yu (Ed.), Kilates: Panunuring Pampanitikan ng Pilipinas. Quezon City: University of the Philippines Press.

Hacker, A. (1973). The Study of Politics. New York: McGraw-Hill.

Kimuell-Gabriel, N. (2013). Pook at Pagsasakapangyarihan: Ang Kababaihan ng Tundo, 1946-2008 (Unpublished doctoral dissertation). University of the Philippines, Quezon City.

Lumbera, B. (2009). Blurb sa Agaw-dilim, Agaw-liwanag. In L. Abreu, Agaw-dilim, Agaw-liwanag. Quezon City: University of the Philippines Press.

Marx, K. (1970). A Contribution to the Critique of Political Economy. New York: International Publishers.

Ordoñez, R. L. (2006). Literatura ng Uring Anakpawis. In R. Torres-Yu (Ed.), Kilates: Panunuring Pampanitikan ng Pilipinas. Quezon City: University of the Philippines Press.

San Juan Jr., E. (2006). Ang Kritika sa Panahon ng Krisis. In R. Torres-Yu (Ed.), Kilates: Panunuring Pampanitikan ng Pilipinas. Quezon City: University of the Philippines Press.

Torres-Yu, R. (Ed.). (2000). Sarilaysay: Tinig ng 20 Babae sa Sariling Danas Bilang Manunulat. Pasig City: Anvil Publishing, Inc.

Williams, R. (1977). Marxism and Literature. Oxford: Oxford University Press.